

FDA ADVISORY

No. 2023-2327-A

13 NOV 2023

PARA : SA LAHAT NG *HEALTHCARE PROFESSIONALS* AT SA PUBLIKO

PAKSA : Babala sa Publiko tungkol sa Paggamit ng mga sumusunod na Beripikadong Pekeng Gamot na:

1. **Phenylephrine Hydrochloride + Chlorphenamine Maleate + Paracetamol (Bioflu®) 10 mg/ 2mg/ 500 mg Film-Coated Tablet**
2. **Mefenamic Acid (Dolfenal®) 500 mg Film-Coated Tablet**
3. **Dextromethorphan Hydrobromide + Phenylpropanolamine Hydrochloride + Paracetamol (Tuseran®Forte) 15 mg/ 25 mg/ 325 mg Capsule**
4. **Loperamide (Diatabs®) 2 mg Capsule**

Pinapayuhan ng Food and Drug Administration (FDA) ang publiko laban sa pagbili at paggamit ng mga sumusunod na beripikadong pekeng gamot:



TUNAY/ AUTHENTIC



PEKE/ COUNTERFEIT



Peke/ Counterfeit – Ang lot number, tableta, knurling, at print appearance ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 1. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Phenylephrine Hydrochloride + Chlorpheniramine Maleate + Paracetamol (Bioflu®) 10 mg/ 2mg/ 500 mg Film-Coated Tablet (Lot No. U062729)

TUNAY/ AUTHENTIC



PEKE/ COUNTERFEIT



Peke/ Counterfeit – Ang lot number, knurling, at print appearance ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 2. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Mefenamic Acid (Dolfenal®) 500 mg Film-Coated Tablet (Lot No. M125820)

TUNAY/ AUTHENTIC



PEKE/ COUNTERFEIT



Peke/ Counterfeit – Ang *knurling* at *print appearance* ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 3. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Dextromethorphan Hydrobromide + Phenylpropranolamine Hydrochloride + Paracetamol (Tuseran®Forte) 15 mg/ 25 mg/ 325 mg Capsule (Lot No. U452780)

TUNAY/ AUTHENTIC



PEKE/ COUNTERFEIT



Peke/ Counterfeit – Ang lot number, knurling at print appearance ay hindi tugma sa rehistradong gamot.

Larawan 4. Paghahambing sa Tunay/Authentic at Peke/Counterfeit na Loperamide (Diatabs®) 2 mg Capsule (Lot No. U026808)

Ang lahat ng *healthcare professionals* at publiko ay binabalaan tungkol sa paglipana ng nasabing pekeng gamot sa merkado na maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan ng mga gagamit nito. Ang publiko ay pinapaalalahanan ring bumili lamang sa mga establisyementong lisensyado ng FDA.

Gayundin, ang lahat ng establisyemento ay binabalaang huwag magbenta ng pekeng gamot na nagtataglay ng mga nasabing katangian. Ang pagaangkat, pagbebenta at pamamahagi nito ay paglabag sa *Republic Act No. 9711 or the Food and Drug Administration Act of 2009, and Republic Act No. 8203 or the Special Law on Counterfeit Drugs*. Ang sino mang mapatunayang nagbebenta ng nasabing pekeng produkto ay mapaparusahan.

Hinihiling sa lahat ng *Local Government Units (LGUs) and Law Enforcement Agencies (LEAs)* na tiyaking ang pekeng produktong ito ay hindi maibebenta o magagamit sa kanilang mga nasasakupan.

Para sa karagdagang impormasyon at katanungan, maaring mag-email sa info@fda.gov.ph. Upang mag-report ng patuloy na pagtitinda o pangangalakal ng mga pekeng gamot, mag-email sa ereport@fda.gov.ph. Maaari ring tumawag sa *Center for Drug Regulation and Research* sa numerong (02) 8809-5596. Para sa mga hinihinalang hindi kanais-nais na reaksyon sa gamot, i-report agad sa FDA gamit ang link na ito: <https://primaryreporting.who-umc.org/Reporting/Reporter?OrganizationID=PH> at kumpletuhin ang mga kinakailangang impormasyon.

Ang lahat ay hinihikayat na palaganapin ang mga nakasaad na impormasyon.


DR. SAMUEL A. ZACATE
Director General

DTN:



20231104121619